

# ANG LINGKOD NG DIYOS



ISANG CORSO PARA SA CORRESPONDENCE STUDY

Mahal na Mag-aaral,

Isang kasiyahan ang ialok sa iyo ang kursong ito ng Lingkod ng Diyos. Ang iyong aklat ay ang Ebanghelyo ayon kay Marcos. Isinasalaysay nito ang buhay ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Inaasahan namin na ang kursong ito ay makalulugod at makakatulong sa iyong buhay.

Ang kurso ay may bahagi ng mga pagsusulit sa gitna ng aklat na ito. Matatagpuan mo sa pahina 2 ng mga pagsusulit ang mga detalyadong panuto para sa pag-aaral ng kursong ito.

## *Aralin 1*

# **ANG PAGGAWA NG KALOOBAN NG DIYOS**

1. Basahin ang kapitulo 1 ng Ebanghelyo ni Marcos.
2. Basahin ang araling ito at gawin ang pagsusulit bilang isa.

Isinasalaysay sa atin ni Marcos ang kasaysayan ng buhay ng Panginoong Jesu-Cristo. Binigyang-lugod ni Jesus ang Diyos Ama sa lahat ng mga bagay.

Sa mga bersikulo 1-11 nakikita natin si Juan sa ilog ng Jordan, na binabautismuhan ang mga taong pumunta sa kaniya.

Isang araw, si Jesus na hindi nagkasala kailanman ay dumating para magpabautismo. Nang mabautismuhan si Cristo, ang Diyos ay nagsalita mula langit, at nagsasabing Siya ay lubhang nalulugod sa Kaniyang Anak. At pagkatapos ay tinukso ni Satanas si Cristo na magkasala (bersikulo 12,13), ngunit nakikita natin dito, at sa iba pang bahagi ng Biblia, na Siya ay hindi nagkasala kailanman.

Pagkatapos ay nakita ni Jesus ang apat na lalaki at tinawag Niya sila na sumunod sa Kaniya at maging mga lingkod ng Diyos (bersikulo 14-20). Lahat sila ay umalis at sumunod sa Kaniya. Ibig nilang malaman ang katotohanan at paglingkuran si Cristo.

Sa lunsod ng Capernaum, pumasok si Jesus sa sinagoga at pinagaling Niya ang isang taong may maruming espiritu. Kasunod nito, Siya ay pumasok sa isang bahay at nakita Niya ang isang may-sakit na babae, ang ina ng asawa ni Simon. Siya ay hinawakan Niya sa kamay, itinayo at kaagad ay iniwan siya ng lagnat (bersikulo 21-31). Pagkaraan nito ay pumunta ang mga tao sa Kaniya para humingi ng tulong. Pinagaling Niya ang marami sa kanila. Iniibig ng Diyos ang mga tao at sila ay iniibig din ni Jesus, ang Kaniyang Lingkod.

Isang lalaking ketongin ang pumunta kay Cristo. Ang ketong ay karima-rimarim na karamdaman. Hindi napapagaling ng isang taong may ketong ang kaniyang sarili. Ang taong sumusuway sa mga utos ng

Diyos ay katulad ng isang ketongin. Makasalanan siya at kinakailangang iligtas mula sa mga bunga ng mga kasalanan niya.

Pumunta ang ketonging ito Kay Cristo. Sinabi niya sa Kaniya, “Kung nanaisin mo, ay maaari mo akong gawing malinis.” Kaya nakikita natin na si Jesus ay umiibig at may kapangyarihang magpagaling. Tayo ay iniibig ng Diyos, sa kabila ng ating pagiging makasalanan, at tayo ay napapatawad ni Cristo at naililigtas Niya mula sa mga bunga ng ating kasalanan.

## *Aralin 2*

# **KINAPOOTAN NG ILANG MGA TAO ANG LINGKOD**

1. Basahin ang kapitulo 2 at 3 ng Ebanghelyo ni Marcos.
2. Basahin ang araling ito at gawin ang pagsusulit bilang dalawa.

Sa kapitulo 2, pinapagaling ng dakilang Lingkod ng Diyos ang isa pang taong may karamdaman. Gayon pa man, nakikita natin na ang talagang kailangan ng lalaki ay kapatawaran. Kung kaya't nababasa natin sa bersikulo 5: “Ang mga kasalanan mo ay pinatawad na.” Alam ng mga Judio na tanging ang Diyos lamang ang maaaring magpatawad ng kasalanan, ngunit wina-walang-bahala nila ang katotohanan na si Jesus, bilang Anak ng Diyos, ay may kapangyarihang magpatawad ng kasalanan. Dahil dito, hindi mataas ang palagay nila kay Cristo (bersikulo 7).

Sinagot ng Panginoon ang mga namumula sa Kaniya sa pamamagitan ng pagpapagaling Niya sa taong may karamdaman at pagpapauwi sa kaniya habangbinubuhay ang higaan niya. May mga taong namangha at mayroon

ding ilan na lalong namuhi. Pinintasan nila si Cristo dahil sa kumakain Siya kasama ng mga makasalanan (bersikulo 16) at sa hindi Niya pag-uubliga na mag-ayuno ang Kaniyang mga disipulo (bersikulo 18).

Sa Sabbath, araw ng pahinga, pumunta si Jesus at ang mga disipulo Niya sa mga bukid ng mais. Nagutom sila at ang mga disipulo ay nagsimulang pumitas ng mga tainga ng mais para kainin. Ang mga Fariseo, ang mga pinunong saserdote ng mga Judio, ay naniwala na isang kasalanan ang gumawa ng anumang bagay sa Sabado, ngunit sinabi ng Panginoon na Siya ang Panginoon ng Sabbath (bersikulo 28). Mabuting magpahinga ng isang araw sa loob ng isang lingo, subalit ang mga kasalanan ay hindi napapatawad sa pamamagitan ng pagtupad

sa batas. Tayo ay iniibig at mapapatawad ng Diyos datapuwa't mangyayari lamang ito kung nananampalataya tayo na si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan.

Sa kapitulo 3 ay may isa pang taong may karamdaman; hindi niya magamit ang kaniyang kamay. Binantayan ng mga Judio si Jesus para makita nila kung nakakapagpagaling Siya sa araw ng pahinga. Nagtanong Siya, "Legal ba na gumawa ng mabuti sa mga araw ng Sabbath?" Hindi sila sumagot. Si Jesus ay tumingin sa palibot nila na may galit at pighati, dahil sa hindi sila naniniwala. Gayon pa man, maraming tao ang sumunod kay Cristo upang makinig sa Kaniya, at marami ang nanampalataya sa Kaniya.

Sa panahong ito marami ang nagsasalita laban kay Cristo, datapuwa't Siya ang Perpektong Lingkod ng Diyos na laging ginagawa ang kalooban ng Kaniyang Ama. Ang mga taong umiibig sa Diyos ay kailangang lumapit sa Kaniya sa pamamagitan ni Cristo. Walang ibang daan. Kailanman ay hindi nagkaroon ng ibang daan; kailanman ay hindi magkakaroon ng ibang daan.

Sa mga bersikulo 31 hanggang 36 nakikita natin ang ina at ang mga lalaking kapatid ni Cristo na dumarating upang tawagin Siya. Sinabi ni Cristo na ang lahat na gumagawa sa kalooban ng Diyos ay Kaniyang mga kapatid at Kaniyang ina. Kailangan natin si Cristo upang dalhin tayo sa pamilya ng Diyos.

## **ANG PAGTUTURO SA MGA TAO**

1. Basahin ang kapitulo 4 ng Ebanghelyo ni Marcos.
2. Basahin ang araling ito at gawin ang pagsusulit bilang tatlo.

Nakita natin na ang mga may karamdaman ay pinagaling ni Cristo, ang Lingkod ng Diyos. Datapuwa't kailangan ng mga tao ang isang bagay na mas higit pa kaysa sa isang malusog na katawan; kailangan nilang makilala ang Diyos at malaman din kung ano ang ninanais Niya mula sa mga tao. Sa ganitong kadahilanan, tayo ay tinuturuan ng Diyos ng maraming bagay sa kapitulong ito.

Maraming tao ang nasa tabi ng dagat noong itinuro ni Jesus ang kuwento ng isang maghahasik (bersikulo 1-9). Pagkaraan ay ipinaliwanag Niya ito sa mga disipulo Niya.

Ang ilan sa mga binhi ay nalaglag sa tabing daan, at kinain ito ng mga ibon. Nangyayari ito kung naririnig nga ng mga tao ang Biblia subalit hindi naman ito nauunawaan. Inaagaw ni Satanas ang Salita. Kinamumuhian ni Satanas ang Diyos at ang mga tao. Ayaw niyang pumasok sa puso ng mga tao ang Salita ng Diyos.

Ang ilan sa mga binhi ay nalaglag sa mabatong lupa na kung saan ay walang gaanong lupa. Mabilis itong tumubo, ngunit nang sumikat ang araw ito ay natuyo. May mga taong nakakarinig sa Ebanghelyo nang may katuwaan, subalit kung ang isang pagubok o paghihirap ay dumarating, sila ay bumamalik sa dating buhay nila.

Ang ilan sa mga binhi ay nalaglag sa gitna ng mga tinik. Lumago ang mga tinik at pinigil ang mabuting binhi kung kaya't hindi ito nakapagbigay ng bunga. Nangyayari ito kung naririnig ng mga tao ang Biblia ngunit ang pagpasok nito sa puso ay pinipigil ng mga alalahanin ng buhay na ito at ng mga makasanlibutang bagay. Ang Ebanghelyo ay

hindi pasisibulin ng pita ng mga ibang bagay.

Ang ilan sa mga binhi ay nalaglag sa mabuting lupa at nagkaroon ng maraming bunga. Kung ang Salita ng Diyos ay naririnig ninyo, hilingin sa Diyos na puspusin ang inyong puso at ipaunawa ito sa inyo. Sa ganitong paraan, ito ay magkakaroon ng mga bunga.

Lumulan sa bapor si Jesus at ang mga disipulo para pumunta sa kabilang ibayo ng dagat (bersikulo 35-40). Dumating ang malakas na bugso ng hangin at nagsimulang mapuno ng tubig ang bapor. Hindi natakot si Jesus. Panatag ang loob Niya dahil sa alam Niya na ang Diyos ang namamahala, ngunit natakot ang mga disipulo at ginising Siya. Bilang Anak ng Diyos, sinaway Niya ang hangin at nagkaroon ng malaking katahimikan.

Sa mga suliranin sa buhay, tanging si Cristo lamang ang nakakapagbigay sa atin ng buhay. Bakit hindi ka lumapit kay Cristo ngayon? Iniibig ka Niya at patatawarin Niya ang mga kasalanan mo at pagkalooban ka Niya ng kapayapaan.



*Aralin 4*

## **ISANG LALAKI, ISANG BABAE AT ISANG BABAENG ANAK**

1. Basahin ang kapitulo 5 ng Ebanghelyo ni Marcos.
2. Basahin ang araling ito at gawin ang pagsusulit bilang apat.

Sa kapitulo 5 nakikita natin kung paano tinulungan ni Cristo ang isang lalaki, isang babae at isang batang babae. Ang lalaki ay may maruming espiritu (bersikulo 1-20) at nakatira sa libingan. Napakalakas niya kung kaya't walang tao na makagagapos sa kaniya kahit na tanikala pa ang ipanggapos. Araw at gabi ay sumisigaw siya at sinusugatan ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng mga bato. Siya ay ganap na nasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas, ang diyablo. Hangad ni Satanas na ihiwalay tayo mula sa Diyos. Mas malakas si Satanas kaysa sa mga tao. Walang taong makakapagpalaya sa atin mula sa pagkaalipin ng kasalanan o kay Satanas. Tanging si Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos, ang makakapagligtas sa atin.

Inutusan ng Panginoon ang maraming espiritu na lumabas sa tao. Agad-agad, ang lalaki na nakadamit at nasa wastong pagiisip na, ay nakasama ni Jesus (bersikulo 15). Tanging si Cristo lamang ang nakakapagbigay ng tunay na kapayapaan at kaligtasan. Sinabi ni Jesus sa lalaki na umuwi siya sa mga kaibigan niya at “Ibalita sa kanila kung gaano kadakilang mga bagay ang ginawa ng Panginoon para sa iyo, at ang pagkakaroon ng kaawaan sa iyo.” (bersikulo 19).

Pagkaraan ay maraming mga tao ang sumunod sa Panginoon habang Siya ay naglalakad (bersikulo 24). Isa sa kanila ay isang babaeng labindalawang taon nang naghihirap dahil sa isang karamdaman na walang lunas. Hinipo niya ang damit ni Jesus, at nalaman Niya na may kapangyarihang lumabas sa Kaniya. Tinawag Niya ang babae at sinabi sa kaniya, “Ang iyong pananampalataya ay

nagawa kang magaling; humayo nang mapayapa” (bersikulo 34). Nalulutas ng Panginoon ang mga suliranin mo at mabibigyan ka rin Niya ng kapayapaan.

Ang isa sa mga pinuno ng sinagoga ay may babaeng anak na nakaratay. Namanhik siya kay Cristo na pagalingin ito (bersikulo 23). Habang sila ay patungo sa bahay niya, may nagbalita sa sinagoga na ang kaniyang babaeng anak ay patay na (bersikulo 35). Sinabi sa kaniya ng Panginoon, “Huwag matakot, manampalataya lamang” (bersikulo 36). Nang dumating si Jesus, siya ay ibinangon Niya mula sa mga patay. Namangha ang mga tao. Ipinag-utos niya sa kanila na bigyan siya ng anumang makakain at mahigpit Niyang ipinagbilin na walang

taong dapat makaalam nito.

Ang mga taong patya ay nangangailangan ng buhay. Sa ngayon, maaaring taglay mo ang buhay na kinakailangan upang mamalagi ka sa lupa, datapuwa’t ang buhay na kinakailangan upang mamalagi sa Langit ay natatanggap lamang sa sandaling manampalataya ka kay Cristo.

Hindi ito maaaring bilhin o kaya ay anihin. Ipinagkakaloob ito ng Diyos nang walang kapalit na halaga sa mga taong tumatanggap kay Cristo bilang Tagapagligtas.

Sa kapitulong ito, pinalaya ni Jesus ang isang lalaki mula sa kapangyarihan ni Satanas, pinagaling Niya ang isang babae, at ibinangon Niya mula sa mga patay ang isang batang babae. Siya ay kahangahangang Tagapagligtas! Mapagkakalooban ka Niya ng kapayapaan kung ikaw ay magsisisi at mananampalataya sa araw ding ito.

## *Aralin 5*

# **ANG PAG-IBIG NG DIYOS**

1. Basahin ang kapitulo 6 ng Ebanghelyo ni Marcos.
2. Basahin ang araling ito at gawin ang pagsusulit bilang lima.

Sa kapitulo 2 nakita natin kung gaano kinapootan ng mga pinuno ng mga Judio ang Perpektong Lingkod ng Diyos. Sa kapitulong ito, nagbabalik si Cristo sa Kaniyang sariling lupain at ang sarili Niyang mga kamag-anak at sambahayan ay hindi nananampalataya sa Kaniya (bersikuo 1-6). Mahirap maglingkod sa Diyos sa gitna ng mga taong nakakakilala sa atin, subalit ito ang nais ng Diyos na gawin natin.

Nang ang mga tao sa Nazaret ay hindi nanampalataya kay Cristo, isinugo ng Panginoon ang mga disipulo Niya sa mga kalapit na nayon upang mangaral (bersikulo 7-13). Iniibig ng Diyos ang mga tao kahit na ayaw nilang sumampalataya kay Cristo; sa ganitong kadahilanan isinusugo Niya ang Kaniyang mga lingkod upang ipangaral ang Ebanghelyo.

Iniutos ni Haring Herodes na pugutan ng ulo si Juan na Bautista. Ipinangaral ni Juan na si Herodes ay nabubuhay sa kasalanan kasama ang asawa ng kapatid niyang si Felipe. Hiniling ng babaeng ito kay Herodes na patayin si Juan, ang pinsan at kaibigan ni Jesus. Ikinalungkot ng Panginoon ang pagkamatay ni Juan. Sa panahong ito marami pa rin ang nagdurusa para maging matapat kay Cristo at sa Katotohanan. Sila ay gagantimpalaan ng Diyos sa muling pagbabalik ni Cristo.

Tinangka ni Jesus at ng mga disipulo na makawala sa gitna ng mga tao upang manalangin at magpahinga, datapuwa't marami ang sumunod sa kanila. Nagsalita sa kanila si Jesus tungkol sa pag-ibig ng Diyos. Nang papatapos na ang araw, ang mga tao ay hindi pa rin nakakakain at sila ay nagutom. Nasa isang ilang na lugar sila, at walang mabibilhan ng pagkain.

Nagsabi ang mga disipulo na, “Paalisin na sila,” subalit maraming bagay pa ang ituturo ni Cristo sa kanila. Sila ay may limang buong

tinapay at dalawang piraso ng isda. Kinuha ng Panginoon ang maliit na pirasong ito, nanalangin at ibinigay ito sa mga disipulo para

ipamahagi sa mga tao. Ang kapangyarihan ng Diyos na makalikha ay naihayag, at nagkaroon ng sapat na pagkain ang bawat isa. May natira pang labindalawang bakol!

Nang dahil sa pag-ibig Niya sa atin, tayo ay pinagkalooban ng Diyos ng araw, ulan, at pagkain para sa ating mga katawan. Tayo ay pinagkalooban din Niya ng isa pang bagay na higit na mahalaga - ang Kaniyang Salita. Pagkain ito para sa ating mga kaluluwa. Isa sa mga 66 na aklat sa Biblia ang Ebanghelyo ni Marcos. Nagpapasalamat ka ba sa mga bagay na ipinagkaloob Niya sa atin?

Habang tinatawid ng mga disipulo ang dagat pabalik sa Betsaida, lumapit sa kanila ang Panginoon na naglalakad sa ibabaw ng dagat. Natakot ang mga disipulo, ngunit sinabi sa kanila ni Jesus, “Huwag matakot.”

Ayaw ng Diyos na tayo ay matakot din. Namatay Siya para sa ating mga kasalanan at ngayon ay nabubuhay upang pakinggan ang ating mga panalangin. Bakit hindi ka humingi ng Kaligtasan sa Kaniya?

## *Aralin 6*

# **ANG MGA PINANIWALAAN NG MGA NINUNO NATIN**

1. Basahin ang kapitulo 7 at kapitulo 8 ng Ebanghelyo ni Marcos.
2. Basahin ang araling ito at gawin ang pagsusulit bilang anim.

Pinakain ng Panginoon ang 5,000 tao, pinagaling ang mga may karamdaman, at itinuro Niya ang Salita ng Diyos. Bakit kinapootan Siya ng mga pinuno ng mga Judio? Sinabi nila na sila ay mga lingkod ng Diyos, gayon pa man ayaw nilang tanggapin ang mga aral Niya. Mas gusto nila ang mga aral ng kanilang mga ninuno. Itinuturo sa atin ng Panginoon na igalang ang mga matatanda (bersikulo 10), datapuwa't mas mahalaga na sundin ang Diyos.

Sa kapitulo 7 pinipintasan ng mga Judio si Cristo dahil sa ang mga disipulo Niya ay hindi naghuhugas ng kanilang mga kamay. Mabuti ang maging malinis, ngunit nagpakalabis ang mga Fariseo at binigyang-katuwiran nila ito sa pamamagitan ng Kautusan ng Diyos. Hindi tayo inililigtas ng Diyos sa pagpapanatili ng Kautusan. Naliligtas lamang tayo dahil sa namatay si Cristo sa krus para sa ating mga kasalanan. Sinabi rin ng Panginoon na ang pagkain ay hindi nagpaparumi sa tao kundi ang bagay na nagmumula sa puso, mga salita at masasamang gawain (bersikulo 14-23).

Pagkaraan ay naglakbay nang malayo ang Panginoon upang pagalingin ang maliit na babaeng anak ng isang banyaga (bersikulo 24-30). Siya ay hindi isang Judio at inihalintulad niya ang kaniyang sarili sa mga asong kumakain ng mga mumong nalalaglag mula sa dulang ng mga bata. Ipinagkaloob sa kaniya ng Panginoon ang kahilingan niya - ito ay muling pagpapakita ng Kaniyang pag-ibig sa lahat ng mga tao. Pagkatapos ay pinagaling Niya ang isang lalaking bingi at pipi (bersikulo 31-37). Tama ang mga tao na ibulalas, "Nagawa Niya ang

lahat ng mga bagay na mabuti.”

Sa kapitulo 8 muli, pinapakain ni Cristo ang 4,000 tao na may kakaunting pagkain. Sa pagkakataong ito, pitong bakol ang natira (bersikulo 1-9). Kahit na ginawa Niya ang mga bagay na ito, naghanap uli ang mga Fariseo ng mga paraan upang tuksuhin o kaya ay subukan Siya. Humingi sila ng isang tanda, datapuwa't marami na ang naibigay! Walang tanda o himala ang maaaring humikayat sa isang tao kung ayaw niyang maniwala. Ipinayo ni Jesus sa mga disipulo Niya na huwag silang maging kagaya ng mga Fariseo. Pinanatilil ng mga Fariseo ang mga tradisyon ng mga tao sa halip na maghanap sila ng mga paraan kung papaano magbigay-lugod sa Diyos.

Nagsugo ang Diyos ng maraming propeta. Isinulat ng ilan sa kanila ang mga mensahe at ang mga mensaheng ito ay nasa Biblia. Nakakatiyak tayo na katotohanan ang itinuturo ng Biblia. Nilalaman ng Biblia ang kasaysayan ni Cristo at sinasabi sa atin na kung tayo ay magsisi at sumampalataya kay Cristo, tayo ay magkakaroon ng walang-hanggang buhay.

## *Aralin 7*

# **ANG ANAK NG DIYOS**

1. Basahin mula bersikulo 27 ng kapitulo 8 hanggang sa huling bahagi ng kapitulo 9 ng Ebanghelyo ni Marcos.
2. Basahin ang araling ito at gawin ang pagsusulit bilang pito.

Si Jesus ang Perpektong Lingkod ng Diyos, ngunit nakita natin na may mga ilang tao ang hindi nanampalataya sa Kaniya. Inisip ng mga ilan na Siya ay isang masamang tao at ang mga iba naman ay itinuring Siyang isang dakilang propeta.

Nanampalataya sa Kaniya si Pedro at ang mga disipulo Niya. Nalaman nila na Siya ang Tagapagligtas ng sanlibutan (bersikulo 29) subalit hindi nila naunawaan na Siya ay dapat mamatay upang iligtas tayo (basahin ang 8:31-38 at 9:31). Ipinahayag ng Diyos na ang lahat ng mga tao ay makasalanan at ang mga makasalanan ay dapat na pagbayaran ng kamatayan ang mga kasalanan. Si Jesus ay hindi makasalanan at namatay Siya para sa atin. Maililigtas tayo sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kaniya. Sinabi rin ng Panginoon na Siya at muling babangon o mabubuhay sa muli (8:31 at 9:31). Ngayon Siya ay buhay at maaari Niyang iligtas ang lahat ng mga sumasampalataya sa Kaniya.

Sa kapitulo 9:1-13, umakyat sa isang bundok ang Panginoon kasama sina Pedro, Santiago, at Juan. Doon ay nagbago ang Kaniyang anyo sa harap nila at ang Kaniyang kasuotan ay nagliwanag at naging maputi. Nakita ng mga disipulo sina Elias at Moises na nakikipag-usap kay Jesus. Narinig nila ang tinig ng Diyos na nagsasabing, “Ito ang pinakaiibig kong Anak: pakinggan Siya.” Bago pa itatag ang sanlibutan, si Cristo, ang Anak ng Diyos ay kasama na ng Ama sa Langit.

Ginawa ng Diyos ang Langit, ang lupa, at ang mga tao. Nagagawa Niya ang lahat ng mga bagay. Nagawa Niyang pumarito

sa lupa bilang isang tao. Inibig Niya ang sangkatauhan at dahil dito dumating Siya sa sanlibutan at ginawang tulad nila. Ito ang nangyari noong ipinanganak ni birheng Maria si Jesus. Ang pangalan Niya ay Jesus at Siya ang Anak ng Diyos. Kung sinasabing si Jesus ang Anak ng Diyos, dapat nating alalahanin na kasama Siya ng Ama bago ang paglalang sa sanlibutan. Siya at ang Ama ay iisa.

Sa Kaniyang pagiging tao nagawa ni Jesus na ibigay ang buhay Niya at magdusa ng kamatayan. Sa pagiging perpekto at walang bahid ng kasalanan, Siya, sa halip na tayo, ang namatay. Sa pagiging Anak ng Diyos, ang Kaniyang buhay ay may halaga na walang hanggan, at sa pagiging Diyos at tao, maaari Siyang humalili para sa atin at bigyang-kasiyahan ang Banal na Diyos. Kaya iyan ang paraan kung paano Niya ibinigay ang Kaniyang buhay sa krus para sa ating lahat (10:45).

Sa huling bahagi ng kapitulo 9 nakikita natin ang Anak ng Diyos na nagpapagaling sa mga may karamdaman at nagtuturo ng maraming bagay. Sa pagbabasa ng mga bersikulong ito, at sa pagsasagunita ng maraming bagay, bakit hindi mo itanong sa iyong sarili - “Tunay bang si Jesus ang sariling Tagapagligtas?”



## *Aralin 8*

# **ISANG TAONG MAYAMAN AT ISA NAMANG MAHIRAP**

1. Basahin ang kapitulo 10 ng Ebanghelyo ni Marcos.
2. Basahin ang araling ito at gawin ang pagsusulit bilang walo.

Sa sanlibutan matatagpuan natin ang mga mayayaman at mahihirap na tao. May mga ilang guro na yumayaman sa pagtuturo ng mga kasinungalingan. Noong nasa Langit ang Anak ng Diyos, nasa Kaniya ang lahat. Ngunit iniwan Niya ang lahat ng mga ito upang pumarito Siya sa lupa at maging Tagapagligtas natin. Nagtrabaho Siya bilang isang anluwagi. Mahirap lamang Siya, subalit itinuro Niya ang katotohanan.

Sa kapitulo 10 malalaman natin ang Kaniyang turo tungkol sa pagsasama ng mag-asawa (bersikulo 1-12) at sa mga bata (bersikulo 13-16). Basahing mabuti ang mga bersikulong ito.

Isang mayamang tao ang lumapit at nagtanong kung ano ang dapat gawain upang manahin ang walang-hanggang buhay. Sinabi ng Panginoon na dapat niyang tuparin ang mga kautusan (bersikulo 19). Naniwala ang taong ito na lagi niyang sinusunod ang Diyos, ngunit totoong ang salapi niya ang hadlang sa kaniyang pananampalataya sa Diyos. Inibig Siya ni Jesus at sinabi sa kaniya ang katotohanan, subalit lumayo siyang namimigati. Sinabi ni Jesus sa Kaniyang mga disipulo na mahirap para sa isang mayaman ang pumasok sa kaligtasan. Tunay ngang imposible para sa isang mayaman na iligtas ang kaniyang sarili. Datapuwa't sa Diyos ay walang bagay na di-nagagawa. Maaaring magligtas si Cristo!

Iniwana ni Cristo ang lahat para mailigtas tayo at nais Niya na handa nating iwanan ang lahat upang sumunod sa Kaniya. Sa bersikulo

28 sinabi ni Pedro na ang mga disipulo ay iniwan ang lahat subalit ibig nina Santiago at Juan ng isang katungkulan may natatanging karapatan o tungkulin kung si Cristo ay dumating sa kaluwalhatian (bersikulo 35-37). Ang Panginoon ay walang ipinangakong anumang bagay o katungkulan.

Isang pulubing bulag ang nagpapalimos sa tabi ng lansangan malapit sa Jerico. Siya ay ayaw palapitin ng mga tao kay Jesus (bersikulo 48), ngunit huminto si Jesus at binigyan siya ng paningin.

Sa panahong ito maraming tao ang nagtatangkang hadlangan ang mga iba sa paglapit kay Cristo. Gayon pa man, tayo ay tinatawag pa rin ni Cristo upang magsisi at sumunod sa Kaniya. Kung ikaw ay lalapit sa Kaniya, tutulungan ka Niya. Hindi binigyan ni Cristo ng salapi ang nagpapalimos, subalit mayroon Siyang ibinigay na higit na malaki ang halaga. Sa iyo ay ipagkakaloob Niya ang kapatawaran ng kasalanan at walang-hanggang buhay.

Upang mabigyan tayo ng buhay, ibinigay Niya ang Kaniyang buhay. Namatay Siya para sa ating mga kasalanan. Bilang isang makasalanan, hindi mo mababayaran ang iyong pagkakautang sa Diyos, datapuwa't ipinagkaloob ni Cristo ang kabayaran para sa atin. Dahil dito, tayo ay malaya na. Ginawa ni Cristo ang lahat - ang bawat bagay - at ang tangi Niyang hinihingi sa iyo ay magsisi, manampalataya, tanggapin - magpasalamat sa mga bagay na inihahandog Niya sa iyo.

## *Aralin 9*

# **INIHAHANDOG NI JESUS ANG KANIYANG SARILI BILANG HARI**

1. Basahin ang mga kapitulo 11 at 12 hanggang bersikulo 17 ng Ebanghelyo ni Marcos.
2. Basahin ang araling ito at gawin ang pagsusulit bilang siyam.

Bago dumating si Jesus sa sanlibutan, ipinahayag ng mga propeta ng Diyos na isang dakilang hari ang darating. Sinabi nila na ang hari ay darating nang mapayapa, nakasakay sa isang asno o isang batang bistro.

Ang Panginoon ay hindi lamang ang Lingkod ng Diyos na tumupad sa lahat ng kalooban ng Diyos, kundi Siya ay hinirang din ng Diyos na maging Hari sa buong lupa. Sa kapitulong ito Siya ay dumarating sa Jerusalem at ipinakikilala o inihahandog ang Kaniyang Sarili sa mga Judio. Malugod Siyang tinanggap ng mga mahihirap (bersikulo 9 at 10), ngunit alam Niya na wala pa ring pagbabago sa kanilang mga puso hinggil sa kasalanan. Nagkaroon Siya ng maraming pakikipagtalalo o pakikipagtalakayan sa mga Judio lalo na sa kanilang mga pinuno. Inilalarawan ng puno ng igos na binanggit sa mga bersikulo 12 hanggang 14 ang kalagayan ng mga taong Judio. Wala silang bunga para sa Diyos at sila ay pansamantalang isinantabi Niya.

Sa Jerusalem pumasok ang Panginoon sa templo at pinalayas ang mga gumagawa ng kalakal doon (bersikulo 20-25). Hinarap ng mga punong saserdote si Cristo at tinanong Siya kung saan Niya tinanggap ang awtoridad na gawin ang mga bagay na iyon, ngunit sa palagay Niya ay hindi mahalagang sagutin ang kanilang tanong.

Sa kapitulo 12 isinasalaysay ang kuwento ng isang lalaking nagtanim ng isang ubasan. Ipinagkatiwala sa mga manggagawa ang

ubasan habang ang lalaki ay naglakbay. Pagbalik niya ay isinugo niya ang isang lingkod upang tanggapin ang ani, subalit ang lingkod ay hinampas ng mga manggagawa at walang ibigay sa kaniya. Isa pang lingkod ang isinugo at siya at sinugatan ng mga manggagawa. Marami pang iba ang isinugo ng may-ari at sila rin ay hinampas samantalang ang mga iba naman ay pinatay. Sa huli, isinugo niya ang kaniyang lalaking anak at siay at pinatay din.

Inilalarawan nito ang ginawa ng Diyos para sa Israel. Nakipagtipan Siya sa kanila ngunit ang tipan ay hindi nila iginalang. Nagsugo Siya ng mga propeta at ang ilan sa kanila ay pinatay. Sa bandang huli, isinugo Niya ang Kaniyang Anak, at Siya ay pinatay nila. Pinaparusahan ng Diyos ang mga taong naghihimagsik sa Kaniya sa ganitong paraan.

Tinangka ng mga Fariseo na paglalangan ang Panginoon, subalit sila ay ginulat Niya sa Kaniyang karunungan at pinahiya sila (bersikulo 13-27).

Sa katunayan, maraming kumikilala sa Kaniya bilang isang dakilang Guro datapuwa't walang pagbabago sa kanilang mga puso. Nagpapatuloy pa rin sila sa pagkakasala. Hinahatulan ng Diyos ang lahat ng mga di-tumatanggap sa Kaniyang Anak, ngunit inililigtas ang lahat ng mga sumasampalataya sa Kaniya. Isang araw si Cristo ay magbabalik sa lupa bilang Hari. Hindi natin alam kung kailan ito magaganap. Sa Kaniyang pagbabalik, paparusahan Niya ang lahat ng mga di-sumampalataya sa Kaniya. Manalig ka na ngayon kay Cristo at wala kang dapat ikatakot sa hinaharap.

## *Aralin 10*

# **ANG MGA DARATING NA PANGYAYARI SA HINAHARAP**

1. Basahin ang kapitulo 12 mula bersikulo 18 hanggang kapitulo 13 ng Ebanghelyo ni Marcos.
2. Basahin ang araling ito at gawin ang pagsusulit bilang sampu.

Pumunta si Jesus sa Jerusalem at inihandog ang Kaniyang Sarili bilang Hari. Hindi Siya tinanggap ng mga pinuno at naghanap sila ng paraan para patayin Siya Sa araling ito nakikita natin kung ano ang itinuturo ng Panginoon sa mga disipulo Niya tungkol sa pangyayaring magaganap sa mga huling araw ng kasaysayan ng tao.

Ang ilan sa mga pinuno ay hindi naniwala sa pagkabuhay na muli. Nagtanong sila sa Kaniya tungkol sa pitong lalaking magkakapatid na namatay. Hindi ito isang tapat na tanong, at sumagot ang Panginoon na hindi nila nalalaman ang mga Kasulatan o ang kapangyarihan ng Diyos (bersikulo 24). Sinasabi ng Biblia na ibinangon ng Diyos ang Kaniyang Anak mula sa mga patay at isang araw lahat ng mga tao ay mabubuhay na muli.

Nagpunta na naman sa Kaniya ang mga pinuno at tinanong Siya at sinagot Niya ang lahat ng mga ito. Gayon pa man, hindi nila nasagot ang Kaniyang mga tanong dahil sa hindi sila nanampalataya na Siya ang Anak ng Diyos (bersikulo 35-37). Pinaratangan sila ni Jesus ng pagiging di-tapat at pagkatapos ay pinuri Niya ang isang mahirap na babaeng balo na naghulog sa ingatang-yaman ng lahat ng nasa kaniya.

Sa kapitulo 13 bersikulo 4, ang mga disipulo ay nagtanong tungkol sa mga darating na panahon. Tanging ang Diyos lamang ang nakakaalam tungkol sa mangyayari. Datapuwa't si Jesus ay Diyos din

kung kaya't nasagot Niya ang tanong. Sinabi Niya na darating ang mga bulaang Cristo (bersikulo 6, 21, 23), na magkakaroon ng mga digmaan at mga taggutom (bersikulo 8). Sinabi rin Niya na ang Kaniyang mga disipulo ay kapopootan (bersikulo 8) at ang mga ilan ay tatakas patungo sa mga bundok upang makaligtas mula sa kamatayan (bersikulo 14-20). Lahat ng mga kakila-kilabot na pangyayaring ito ay magaganap sa mga darating na panahon.

Magkakaroon ng mga tanda o pangyayari sa langit; ang araw ay magdidilim, ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, at ang mga bituin ay malalaglag. Magbabalik ang Panginoong Jesus na may dakilang kaluwalhatian, at ang mga anghel ay darating na kasama Niya. Titipunin ng mga anghel ang mga nananampalataya mula sa lahat ng bahagi ng lupa at si Cristo ay maghahari sa lupa ng 1000 taon.

Hindi natin nalalaman kung kailan magbabalik ang Panginoon. Ang mga hindi nakakakilala sa Kaniya ay dadalhin sa Impiyerno - ito ang walang-hanggang paghihiwalay sa Diyos at walang ikalawang pagkakataon para tanggapin si Cristo. Ngayon ang panahon para lumapit sa Kaniya at tumanggap ng kapatawaran sa kasalanan.

## *Aralin 11*

# **ANG PANGINOONG JESUS SA HARAP NG MGA TAONG HUKOM**

1. Basahin ang kapitulo 14 at 15 hanggang bersikulo 14 ng Ebanghelyo ni Marcos.
2. Basahin ang araling ito at gawin ang pagsusulit bilang labing-isa.

Si Jesus, ang Perpektong Lingkod, ay laging nagbigay-lugod sa Ama. Iniibig ng Diyos ang mga tao at ang Kaniyang Anak ay tumulong sa mga nangangailangan. Gayon pa man, napoot ang mga pinuno ng mga Judio sa Kaniya at sila ay naghanap ng mga paraan upang patayin Siya (bersikulo 1 at 2).

May mga ilang tao na umibig kay Jesus. Isang babae ang nagbuhos sa Kaniya ng lubhang mamahaling pabango (bersikulo 3-9). Gayunman, gusto ni Judas, isa sa mga disipulo, ng salapi, at nangako siyang dadalhin si Cristo sa kamay ng mga kaaway (bersikulo 10 at 11).

Alam ng Panginoon na Siya ay mamamatay (bersikulo 27). Pumunta Siya kasama ang Kaniyang mga disipulo sa isang pook upang manalangin (bersikulo 32). Dumating doon si Judas na may mga kasamang pangkat na may dalang mga sandata at dinakip nila si Cristo. Magagawang tumakas nang mga sandaling iyon si Jesus, subalit sumama Siya sa kanila nang matiwasay.

Siya ay dinala muna sa Mataas na Saserdote (bersikulo 53). Sumagot si Cristo na Siya ang Anak ng Diyos at kumilos nang marahas ang Mataas na Saserdote. Pinaratangan niya ng kalapastanganan si Cristo. Nagsimula ang mga taong duraan at suntunkin Siya (bersikulo 65).

Sumunod si Pedro nang may kalayuan dahil sa takot. Nang siya ay pinaratangan na isang alagad ni Cristo, ikinaila ito ni Pedro, at pagkatapos ay nagsisi at nanangis siya.

Si Jesus ay dinala ng mga saserdote kay Pilato. Sumang-ayon si Cristo sa katotohanan na Siya ang Hari ng mga Judio (15:2). Natanto ni Pilato na walang nagawang kamalian si Jesus at ninais niya na palayain Siya. May isang bilanggo na nangangalang Barabas. Marami siyang napatay na mga tao. Dahil sa isang kaugalian sa tuwing Pista ng Paskuwa ang magpalaya ng isang bilanggo, sinabi ni Pilato, “Ninanaib ba niniya na palayain ko sa inyo ang Hari ng mga Judio?” Inudyukan ng mga saserdote ang mga tao na hingin ang pagpapalaya kay Barabas at ang pagpapako kay Jesus. Inisip ni Pilato ang pagbigay-kasiyahan sa mga tao kung kaya’t pinahintulutan niyang ipako si Jesus. Naniniwala siya na si Cristo ay isang taong walang kasalanan. Dapat mo ring pagpasiyahan ang suliraning katulad ng dinadala noon ni Pilato. Ano ang gagawin mo kay Jesus? Batid mo na Siya ang Anak ng Diyos. Namatay Siya sa krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan. Kung hindi mo Siya tatanggapin, ikaw ay mamamatay sa iyong mga kasalanan. Tanggapin mo na Siya ngayon at ikaw ay patatawarin ng Diyos at tatanggapin ka bilang Kaniyang babaeng anak o lalaking anak.



## *Aralin 12*

# **IBINIBIGAY NI CRISTO ANG KANIYANG BUHAY PARA SA ATIN**

1. Basahin mula bersikulo 16 ng kapitulo 15 hanggang kapitulo 16 ng Ebanghelyo ni Marcos.
2. Basahin ang araling ito at gawin ang pagsusulit bilang labindalawa.

Tunay na nakakalungkot tingnan kung gaano ninais ni Pilato, ng mga pinuno ng mga Judio at ng lahat ng mga tao ang kamatayan ni Cristo. Sa bersikulo 15-19, si Cristo ay nilibak ng mga kawal. Ipinutong nila ang isang korona ng mga tinik sa Kaniyang ulo, sinaktan Siya ng isang tambo, at inakay Siyang palabas upang ipako. Isang Aprikano na nangamgalang Simon ang tumulong kay Cristo sa pamamagitan ng pagpasan ng Kaniyang krus sa ilang bahagi ng daan.

Ipinako si Jesus sa pagitan ng dalawang magnanakaw. Nagsapalaran o nagsugal ang mga kawal para sa Kaniyang mga damit. Ang mga tao ay lumapit, at nilibak at inalipusta Siya. Ang mga pinuno ng saserdote ay nagsabi, “Iniligtas Niya ang mga iba; ang Kaniyang Sarili ay hindi Niya mailigtas.”

Nang sumapit ang ika-anim na oras (katanghaliang tapat), ay nagkaroon ng matinding kadiliman. Tumagal ng siyam na oras ang kadilimang ito. Sa panahong ito si Cristo ay sumigaw nang malakas, “Aking Diyos, Aking Diyos, bakit mo ba ako pinabayaan?” Ilang sandali pa ang nakaraan, Siya ay sumigaw nang malakas at ibingay ang Kaniyang espiritu sa Ama. Isang kawal na senturion ang nagsabi, “Tunay nga na ang taong ito ay Anak ng Diyos” (bersikulo 39). Pagkamatay Niya, si Jose, isang mayamang tao, at pumunta kay Pilato at hiningi ang katawan ni Jesus. Ang katawan ay ibinalot sa pinong lino at inilagay sa isang libingan na naipahukay mula sa isang malaking bato.

Ang ilan sa mga babae ay pumunta sa libingan nang maaga sa araw ng Linggo. Doon ay may isang anghel na nagsabi, “Kayo na naghahanap kay Jesus ng Nazaret, na ipinako sa krus: Siya ay bumangon na; Siya ay wala rito: masdan ang lugar kung saan nila Siya inilagay.”

Natakot sila, ngunit naunawaan nila na si Jesus ay ibinangon na. Hindi kayang pigilan ng kamatayan ang Anak ng Diyos.

Maraming ulit na nagpakita ang Panginoon sa Kaniyang mga disipulo. Iniutos Niya sa kanila, “Humayo kayo sa buong sanlibutan, at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang” (bersikulo 15). At Siya ay umakyat sa Langit at naluklok sa kanang bahagi ng Diyos Ama.

Nakita natin na ang Anak ng Diyos ay nagmula sa Langit upang gawin ang lahat ng kalooban, o plano ng Diyos. Namatay Siya sa krus para sa ating mga kasalanan. Ibinangon Siya ng Diyos mula sa mga patay at Siya ay nagbalik sa Langit. Hindi Siya tinanggap ng mga tao, ngunit Siya ay binigyan ng Diyos ng buhay at walang-hanggang karangalan at kaluwalhatian.

**AT NGAYON.....**

**ANO ANG SUSUNOD?**

Binabati ka namin sa iyong pagtatapos ng kursong ito tungkol sa buhay ng Panginoong Jesu-Cristo. Pagkatanggap namin ng iyong mga pagsusulit, mamarkahan namin ang mga ito at ipapadala sa iyo ang susunod na kurso sa seryeng ito. Maraming pang mga kurso ang inihahandog namin na makakapagbigay sa iyo ng kapakinabangang espirituwal.